



Seattle
Office of Sustainability
& Environment

Mag-apply sa Environmental Justice Fund (Pondo ng Katarungan para sa Kapaligiran) ng Seattle

Ang Office of Sustainability & Environment (OSE) ng Seattle ay nasasabik na ipahayag na ang Environmental Justice Fund ay **tumatanggap na ngayon ng [mga aplikasyon](#) hanggang Hunyo 3!**

Ang Environmental Justice (EJ) Fund ay itinatag noong 2018 bilang bahagi ng [Agenda para sa Pagkakapantay-pantay at Kapaligiran](#) ng Lungsod ng Seattle upang mamuhunan sa mga proyektong pinamumunuan ng komunidad na nagsusulong ng hustisya sa klima. Ang EJ Fund ay idinisenyo upang protektahan at palakasin ang mga komunidad ng Seattle na una at pinakamasamang tinamaan ng pagbabago ng klima, matinding panahon, at hindi pagkakapantay-pantay sa kapaligiran — kabilang ang Black, Indigenous, mga taong may kulay (BIPOC), mga imigrante, refugee, kabataan, matatanda, at mga residenteng may mababang kita.

Sa taong ito, mayroong **tatlong opsyon sa pagpopondo** na magagamit:

- Ika-1 Opsyon: nag-aalok ng mga gawad mula \$10,000 hanggang \$40,000
- Ika-2 Opsyon: nag-aalok ng mga gawad mula \$40,001 hanggang \$90,000
- Ika-3 Opsyon: nag-aalok ng mga gawad mula \$10,000 hanggang \$90,000 sa mga proyektong pinamumunuan at naglilingkod sa mga komunidad sa **Duwamish Valley**

Ang mga tribo at mga organisasyong pantribo, mga nonprofit na organisasyon, at mga grupo ng komunidad at kapitbahayan ay karapat-dapat para sa pagpopondo. Ang mga proyekto ay dapat na pangunahan at direktang pakikinabangan ng mga komunidad na hindi pantay na apektado ng mga isyu sa kapaligiran. Maaaring kabilang sa mga karapat-dapat na proyekto ang:

- Sining at pagkukuwento
- Edukasyon sa komunidad
- Pagbuo ng kapasidad ng organisasyon at komunidad
- Pagbagay sa pagbabago ng klima at katatagan
- Pagpapalano at pangitain ng komunidad,
- Pagbuo ng mga kasanayan at pagsasanay na may kaugnayan sa mga berdeng trabaho

Kung interesado kayong matuto nang higit pa tungkol sa Pongong ito, pagtalakay sa ideya ng proyekto, o pagsusumite ng panukala, lubos naming hinihikayat na gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Makipagkita sa isang Technical Assistant Consultant **bago** magsumite ng aplikasyon. Ang serbisyong ito ay libre at maaaring hilingin sa pamamagitan ng [pagkumpleto ng form na ito](#) na hindi lalampas sa Mayo 15.
- Dumalo sa isang virtual na sesyon ng impormasyon:
 - Biyernes, Abril 11, mula 12 - 1:15pm
 - [Magrehistro para sa unang session sa Zoom](#)
 - Lunes, Abril 28, mula 6 - 7:15pm
 - [Magrehistro para sa pangalawang session sa Zoom](#)

Upang humiling ng interpretasyon o iba pang mga akomodasyon para sa mga sesyon ng impormasyon, mangyaring mag-email sa equityenviro@seattle.gov ng hindi bababa sa isang linggo bago ang sesyon na plano ninyong daluhan. Kami ay maaari ding sumagot ng inyong mga katanungan sa email.